

Pinansyal na Tulong sa Swedish Financial Assistance at Swedish (Tagalog)

Pinahalagahan ng Swedish Health & Services ang mga tao at ang kanilang mga pangangailangan, kaya man nilang magbayad o hindi. Tutulungan namin ang aming mga pasyente sa anumang mga pinansyal na isyu, gayundin sa paghahanap ng mga paraan upang maging mas abot-kaya ang medikal na pangangalaga. Nag-aalok ang mga ospital ng Swedish ng pinansyal na tulong sa mga pasyenteng hindi kayang bayaran ang kanilang mga medikal na bayarin. Kung nagkakaproblema ka sa pagbabayad sa lahat ng, o ilan sa, iyong pangangalagang pangkalusugan, mangyaring makipag-usap sa isang Patient Financial Advocate o Customer Service Representative upang malaman kung paano ka namin matutulungan.

Ano ang Sinasaklaw? Sa mga pang-emergency at medikal na kinakailangang serbisyo sa mga ospital ng Swedish, nagbibigay kami ng pinansyal na tulong sa mga kwalipikadong pasyente sa isang sliding fee scale, na may mga diskwento mula sa 30 hanggang 100%, batay sa kakayahang magbayad ng mga pasyente. Ang pinansyal na tulong para sa mga hindi agaran o medikal na kinakailangang serbisyon ipinagkakaloob sa *labas* ng ospital ay dedepende sa mga patakaran ng klinika o tanggapanag nagkaloob sa iyo ng pangangalaga.

Paano Mag-apply? Maaaring mag-apply ang sinumang pasyente para sa pinansyal na tulong. Dapat ibigay ng pasyenteng gustong makatanggap ng pinansyal na tulong ang impormasyon at mga dokumentong hinihiling sa aplikasyon, maliban kung hindi siya hihingan ng mga ganito. Makakakuha ng form para sa aplikasyon sa pamamagitan ng pagtawag o pagpi-print mula sa website address na nakasulat sa ibaba.
www.swedish.org/patient-visitor-info/billing/financial-assistance

Iba Pang Tulong para sa Saklaw na

Pangkalusugan: Kung wala kang insurance na pangkalusugan, maaari kang maging kwalipikado para sa iba pang mga programa ng pamahalaan at komunidad. Matutulungan ka naming malaman kung makakatulong ang mga programang ito (kasama ang Medicaid at Apple Health) sa pagsaklaw sa iyong mga medikal na bayarin. Matutulungan ka rin naming mag-apply para sa mga programang ito.

Mga Diskwento para sa Walang Insurance: Nag-aalok ang Swedish ng diskwento para sa mga pasyenteng walang saklaw sa insurance na pangkalusugan. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin kung mayroon kang mga tanong tungkol sa aming programang nagbibigay-diskwento.

Mga plano sa pagbabayad: Ang anumang mga bayaring hindi mo pa nababayaran ay maaaring bayaran gamit ang alinman sa mga sumusunod na paraan: plano sa pagbabayad, pera, tseke, pagbabayad online o gamit ang isang credit card. Kung kailangan mo ng isang plano sa pagbabayad, pakitawagan ang numero sa iyong bayarin upang makatanggap ng tulong.

Pang-emergency na Pangangalaga: Ang mga ospital ng Swedish, na mayroong mga emergency department, ay nagkakaloob ng pangangalaga para sa mga pang-emergency na medikal na kundisyon (gaya ng inilalarawan ng Emergency Medical Treatment and Labor Act) nang walang diskriminasyon, sa abot ng makakaya nito, may kakayahan mang magbayad ang isang pasyente o wala, kwalipikado man siya para sa pinansyal na tulong o hindi.

Makipag-ugnayan sa Amin upang Makatanggap ng Pinansyal na Tulong o Mga Aplikasyon

Upang makatanggap ng karagdagang impormasyon kaugnay ng pagtanggap ng tulong sa iyong mga medikal na bayarin sa Swedish, pakitawagan ang aming Customer Service Team, o kaya ay bumisita sa isang Patient Financial Advocate sa iyong lokal na ospital ng Swedish. Mabibigyan ka namin ng anumang mga kinakailangan mong form at matutulungan kang mag-apply upang makatanggap ng tulong. Hinihikayat ang mga pasyenteng humingi ng pinansyal na tulong *bago* sila tumanggap ng medikal na panggagamot, kung posible. Ang mga pasyente ay maaari ding mag-apply upang makatanggap ng tulong habang isinasagawa ang panggagamot anumang oras, at sa loob ng maikling panahon pagkatapos nilang matanggap ang unang bayarin. Kung mayroon kang mga tanong, o kung gusto mo ng isang form para sa aplikasyon upang makatanggap ng pinansyal na tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa:

- Pamamagitan ng telepono: 877-406-0438
- Aming website: www.swedish.org/patient-visitor-info/billing